Mga Impormasyon Tungkol sa Gamot

NEVIRAPINE (Viramune)

Bakit ako pinaiinom ng Nevirapine?

- Ang Nevirapine (tinatawag ding Sustiva) ay isa sa mga gamot na iniinom kasama ng ibang gamot laban sa HIV infection.
- Hinaharang ng Nevirapine ang protinang "Reverse Transcriptase", kaya ito ay kasama sa pangkat ng mga gamot na tinatawag na "Reverse Transcriptase Inhibitors" (RTI). Kailangan ng HIV virus ang protinang ito upang magparami. Upang mapabagal ang paglala ng HIV infection, kailangang pigilin ang protinang ito.
- Ang pag-inom nito ay makababawas ng HIV virus sa katawan mo. Maiiwasan ang pagkakaroon ng AIDS-related na mga sakit, mapananatiling malusog ka nang mas matagal na panahon, at mababawasan ang pagkasira ng iyong immune system.

Paano iniinom ang gamot na ito?

- Ang Nevirapine ay nasa 200mg na tabletas. Sa unang dalawang linggo, uminom ng isang tabletang 200mg sa maghapon. Pagkaraan ng dalawang linggo, uminom ng 200mg na tableta, dalawang beses sa maghapon.
- Maaaring inumin ito nang mayroon o walang laman ang tiyan.
- Ang Nevirapine ay dapat itabi sa room temperature. Panatilihing laging tuyo.
- Itabi sa isang lugar na hindi maaabot ng mga bata.

Paano kung malimutan ko itong inumin?

- Inumin ito kaagad sa sandaling maalala mo. Kung ang susunod na inom ay sa loob ng dalawang oras, sundin na lamang ang schedule. Huwag dodoblehin ang inom.
- Napatunayan sa mga recent studies na upang umepekto ang mga gamot laban sa HIV kailangang regular ang pag-inom nito. Kung hindi, maaaring mawala ang bisa ng mga gamot, at ang virus ay maaaring mag-iba at maging resistant.

Anu-ano ang mga side effects ng Nevirapine?

- Ang pinakamalubhang side effect ng Nevirapine ay skin rash na kadalasang lumilitaw pagkatapos ng anim na linggong pag-inom nito. Kung mayroon kang skin rash sa loob ng unang dalawang linggo, huwag mong dadagdagan ang inom hangga't hindi ka kumukunsulta sa doktor o parmasyutika.
  - Kung ang rash ay hindi malubha, at maaalis sa gamot, ang iyong katawan ay maaring maka-adapt sa Nevirapine nang kusa.
  - Kung ang rash ay malubha, o mayroon kang lagnat, mga sugat sa bibig, nananakit ang kalamnan o kasu-kasuan, namamaga o namumula ang mga mata, itigil ang gamot at kumunsulta agad sa doktor o parmasyutika.
- Mga iba pang side effects:
  - Pananakit ng ulo
  - Pananakit ng tiyan o pagtatae
  - Lagnat
  - Pagkapagod

- Bagama't malala, isa pang bihirang side effect ng Nevirapine ang hepatitis (pamamaga ng atay). Ito'y nangyayari sa isang porsiyento lamang ng umiinom nito at maaaring ikamatay kung hindi magagamot agad.
- Kung nakakaranas ka ng mga side effects na ito, huwag itititigil ang gamot hangga't hindi kumukunsulta sa doktor o parmasyutika. Maaaring mayroon silang maimumungkahi at magagawang paraan nang hindi itititigil ang gamot.

Puwede bang inumin ang Nevirapine kasama ng ibang gamot?

- Ang Nevirapine ay maaaring mag-interact sa ibang gamot. Mahalagang sabihin sa doktor o parmasyutika kung anu-anong gamot ang iniinom mo (gayundin ang mga vitamins at herbs).
- Huwag iinom ng Rifampin kung umiinom ka ng Nevirapine.
- Pinabababa ng Nevirapine ang blood levels ng Methadone at iba pang gamot na laban sa HIV na tinatawag na protease inhibitors (hal. Saquinavir [Fortovase at Invirase], Indinavir [Crixivan], Ritonavir [Norvir], Nelfinavir [Viracept], Lopinavir [Kaletra], Amprenavir [Agenerase]. Kailangang i-adjust ang dose ng Nevirapine kung umiinom ka ng alinman sa mga gamot na ito.
- Ang bisa ng birth control pills ay maaaring pababain ng Nevirapine. Kung umiinom ka ng Nevirapine, dapat kang gumamit ng ibang paraan ng birth control.

Puwede ko bang inumin ang Nevirapine nang may kasamang alak o street drugs?

- Ipinapayo sa kalahatan na iwasan ang labis na pag-inom ng alak o paggamit ng street drugs habang umiinom ng mga gamot na laban sa HIV.
- Ang alak ay maaaring mag-interact sa mga gamot mo. Huwag palalampasin ang pag-inom ng gamot dahil gusto mong uminom ng alak.

Puwede ba akong uminom ng Nevirapine kung ako ay buntis o nagpapasuso?

- Ikonsulta sa doktor ang pag-inom ng Nevirapine kung buntis ka. Naipakita na pinabababa ng Nevirapine ang pagkahawa sa HIV kung buntis ka.
- Ang HIV ay maaaring masalin mula sa gatas ng ina, kung kaya ang ipinapayo sa mga babaeng may HIV ay huwag magpapasuso sa kanilang sanggol.

Anu-ano pa ang dapat kong malaman at pag-ingatan kung imiinom ng Nevirapine?

- Ang Nevirapine ay maaaring makaapekto sa iyong atay, maaari kang magkaroon ng hepatitis (bagama't bihira). Dapat kang magpa-blood test upang tingnan ang atay mo.
- Tiyaking mayroon kang tuluy-tuloy na supply ng gamot.
- Ang Nevirapine ay hindi pumapatay sa virus o nagpapagaling sa AIDS. Hindi rin nito pinipigil ang pagsasalin ng HIV. Laging mag-ingat kung nakikipag-sex ka (gumamit ng kondom), o nagdudurog (gumamit ng malinis na karayom).

Copyright @ACAS 2001 & 2003. This fact sheet is produced by ACAS (Asian Community AIDS Services) and is available in English, Chinese (Traditional and Simplified), Tagalog and Vietnamese. Funding for this project is provided by the Ontario HIV Treatment Network (OHTN) and Health Canada. Copies can be downloaded at : www.acas.org/treatment. ACAS provides comprehensive support and case management services for Asian people living with HIV/AIDS; and HIV/AIDS prevention education to the east and southeast Asian Canadian populations in the Greater Toronto Area. ACAS is located at 33 Isabella Street, Suite 107, Toronto, Ontario M4Y 2P7. Tel: (416)-963-4300, Fax: (416)-963-4371 Email: support@acas.org

Legal Disclaimer: While we make every attempt to ensure the accuracy and reliability of information contained in this website/ fact sheet, the information provided here are designed for reference purposes only. These information should not be relied upon as a substitute for medical advice from a qualified professional health care provider and should not be used for diagnosing or treating a condition or illness. Please consult a physician if you have any concerns about your health, treatment regimen and questions related to HIV/AIDS. ACAS, its employees and board members will not be responsible for any loss or harm, however arising, from the use of, or reliance on this information.